ExamOne®
A Quest Diagnostics Company

# Mga Tagubilin Para Sa Aplikante Ng Seguro

## Ano ang paramedical na eksaminasyon?

Ang paramedical na eksaminasyon ay isang personal na pagpapanayam sa iyo para kumuha ng impormasyon tungkol sa iyong medikal na kasaysayan. Ang panayam na ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng telepono o nang harapan sa oras ng iyong eksaminasyon. Ang impormasyong ito ang nagbibigay kakayahan sa kompanya ng seguro na magsagawa ng komprehensibong pagtatasa ng iyong kasalukuyan kalusugan. Karaniwang kasama sa eksaminasyon ang pagtatala ng taas, timbang, presyon ng dugo at pulso. Maaaring kasama rin sa eksaminasyon ang pagkuha ng dugo, ihi, oral fluid, at isang electrocardiogram (EKG) depende sa mga gabay ng kompanya sa seguro.

## Tinatayang oras ng eksaminasyon

- ☐ 10 hanggang 20 minuto para sa pagkuha ng dugo at ihi
- ☐ 20 hanggang 30 minuto para sa paramedikal na eksaminasyon, pagkuha ng dugo at ihi
- ☐ 30 hanggang 45 minuto para sa paramedikal na eksaminasyon, pagkuha ng dugo, ihi at EKG

## **Saan isasagawa ang eksaminasyon?**

Ang mga propesyonal ng ExamOne ay nagsasagawa ng mga eksaminasyon sa iyong tirahan, lugar ng trabaho o sa kumbinyenteng lokasyon ng ExamOne o Quest Diagnostics.

## Paano kung kailangang makunan ng dugo?

Kung kailangan ng kompanya ng seguro ng sample ng dugo, ang isang propesyonal ng ExamOne na sinanay sa mga medikal na bagay ang magsasagawa ng pagkuha. Tanging single-use na sterile na mga disposable na karayom ang gagamitin para kumolekta ng specimen at laging nagsusuot ng mga vinyl na guwantes.

## Ano ang EKG?

Kung kailangan ng kompanya ng seguro ng electrocardiogram (EKG), isasagawa ito sa oras ng eksaminasyon. Ang EKG ay nagtatala ng mga elektronikong pulso ng puso. Ang pagsusuri ay karaniwang makukumpleto nang di hihigit sa 10 minuto.

## Ano ang mangyayari kapag nakumpleto na ang eksaminasyon?

Ang paramedical na eksaminasyon at mga anumang karagdagang pangangailangan ay ipapasa sa kompanya ng seguro. Anumang mga specimen na nakuha sa eksaminasyon ay ipadadala sa aming laboratoryo o sa ibang nakatalagang laboratoryo at ang mga resulta ay ipapasa sa kompanya ng seguro para sa pagtatasa. Hindi alam ng mga propesyonal ng ExamOne ang mga pagsusuring isasagawa sa (mga) specimen sa laboratoryo at hindi makakatanggap ng mga resulta ng pagsusuri.

## Mga tagubilin para sa aplikante:

Upang makuha ang wastong impormasyon, inirerekomenda na ikaw ay:

- Ibigay ang mga pangalan at dosis ng mga kasalukuyang medikasyon.
- Ihanda ang mga kinakailangang pangalan, address at numero ng telepono ng sinumang mga doktor o klinika na binisita sa loob ng nakaraang 5 taon.
- Maghanda ng listahan ng mga medikal na kondisyon o nasuring karamdaman kasama na ang petsa ng pagkakasuri, paggamot, resulta ng paggamot, at impormasyon ng gumagamot na doktor.
- Maghanda nang may larawang ID sa oras ng eksaminasyon.
- Ihanda ang anumang dokumentong aplikasyon na ipinadala sa iyo at ihanda para sa tagapag-eksamen maliban na lamang kung iba ang ipinagbilin ng iyong ahente.
- Ibigay ang kasaysayan ng mga problemang kasama ang pagbigay ng specimen.
- Iwasan ang nakakapagod na ehersisyo 12 oras bago ang eksaminasyon.
- Limitahan ang asin at mga pagkaing mataas sa kolesterol 24 oras bago ang eksaminasyon.
- Iwasan ang pag-inom ng alkohol na inumin sa hindi kukulangin ng 12 oras bago ang appointment.
- Limitahan ang kape at nikotina isang oras bago ang appointment.
- Uminom ng isang basong tubig 1 oras bago ang appointment

Kung may anumang mga ibang serbisyo ang isinagawa, mangyaring abisuhan agad ang Paniniyak ng Kalidad (Quality Assurance) ng ExamOne sa 1-800-873-8845 Ext. 1303. Canada: 1-800-952-2350

---

Ang appointment ay naitakda para kay:

Petsa: ______________________ Lokasyon: ______________________

Oras: ______________________ Numero ng Telepono ng ExamOne: ______________________

ExamOne.com

Quest, Quest Diagnostics, ExamOne, any associated logos and all associated Quest Diagnostics registered and unregistered trademarks are the property of Quest Diagnostics.
All third party marks – ® and ™ – are the property of their respective owners. © 2011 Quest Diagnostics Incorporated. All rights reserved.